# GABAY SA PAGGAWA NG
# KATAS NG BINURONG PRUTAS
## o *"FERMENTED FRUIT JUICE" (FFJ)*



### Ano ang Binurong Prutas?

Ang *FFJ* ay ginagamit pangkundisyon ng lupa at nagbibigay ng sustansya sa halaman. Ito ay gumagamit ng mga prutas na binuburo sa *molasses* o pulang asukal sa loob ng 7 hanggang 10 araw. Ang pulang asukal, *molasses* o *muscovado* ang nagsisilbing pagkain ng mga organismo.

## Ang Benepisyo ng FFJ

### Halaman at lupa

- Nagsisilbing *flower* and *fruit enhancer* dahil nakatutulong sa pamumulaklak ng halaman.
- May kakayahan din ito na mas lalong pasarapin at palinamnamin ang bunga ng mga halaman dahil puno ito ng *enzyme* na nagpapaaktibo sa loob ng halaman para gumawa ng mala-asukal na sangkap na siyang nagpapatamis at nagpapasarap sa bunga.

### Alagang hayop

- Nagsisilbing supplement o dagdag nutrisyon na nakatutulong na mas mapasigla at mapalakas ang alagang hayop.
- Nagtataglay ng *Probiotic* na nakatutulong sa *digestion* o panunaw ng alagang hayop upang maiwasan ang pagtatae.

## Paraan at wastong paggawa ng katas ng binurong prutas



### Mga Sangkap

Isang kilo ng alinman sa mga ito:

- [x] Saging
- [x] Kalabasa
- [x] *Papaya*
- [x] *Avocado*
- [x] Pakwan
- [x] Mangga


Isang kilo ng alinman sa mga ito:

- [x] *Molasses*
- [x] *Muscovado*
- [x] Asukal na pula

Mga Kasangkapang Gagamitin

- [x] Malinis na tela o *Manila paper* (pantakip)
- [x] Plastik na *Straw na panali o tape* (pantali)
- [x] Timba
- [x] Kutsilyo
- [x] Sangkalan
- [x] Malinis na pamunas
- [x] *Marking pen*
- [x] Kiluhan o timbangan
- [x] *Strainer*
- [ ] *Plastic bottle*

# PARAAN SA PAGGAWA NG FFJ



- Tadtarin ang mga prutas.
- Ilagay sa loob ng timba ang mga tinadtad na prutas at haluan ng alinman sa mga ito: *molasses, muscovado* o pulang asukal.
- Tandaan na ang ratio na 1:1. Ang ibig sabihin ay kapag isang kilo o dalawang kilo ang prutas na gagamitin ay iyon din ang bigat o dami ng *molasses, muscovado* o pulang asukal.
- Pagkatapos mahalo ang mga sangkap, tiyakin na HINDI UMAAPAW sa timba. Kailangan may sapat na espasyo para makahinga ang binubuhay na *organism*. (*25% airspace*)
- Takpan ang timba gamit ang tela o *manila paper* at higpitan ang pagtali rito.
- Sulatan ng *label* na may petsa ng paggawa at pag-ani.
- Itago sa madilim o di naiinitang lugar.
- Tiyaking di lalanggamin, iipisin o kakainin ng aso, pusa at daga.
- Buruhin ng isang linggo o pitong araw.

## PARAAN NG PAG ANI



- Gamit ang *strainer*, salain ang katas ng binurong prutas.
- Ang mga naiwang tipak o latak ng prutas ay maaaring ilagay sa halaman, lupa o ipakain sa alagang hayop.
- Ilagay ang katas ng binurong prutas sa isang bote o anumang lagayan na may *label* at siguraduhing hindi ito matatapon.

## WASTONG PAGGAMIT

**Pampabulaklak**
Sa isang litrong tubig, maghalo ng isa sa hanggang dalawang kutsarang (10-20ml) FFJ. *I-sprey* ito sa mga dahon sa panimula ng pamumulaklak.

**Pagpapabilis ng aktibidad ng *microorganism* sa lupa**
Sa isang litrong tubig, maghalo ng isang kutsarang (10 ml) FFJ. Ang carbohydrates at asukal na laman ng FFJ ay nagsisilbing enerhiya ng mga *microorganism* sa lupa na nagpapabilis ng kanilang aktibidad.



**Pang-spray sa higaan ng mga hayop para mapabilis ang pagbulok ng kanilang dumi para di ito mangamoy.**
Sa isang litrong tubig, maghalo ng isa sa hanggang dalawang kutsarang (10-20 ml) FFJ at saka ito *i-sprey* sa higaan ng mga hayop.

**Masustansyang inumin**
Ang isang kutsarang FFJ na hinalo sa isang litrong tubig ay masustansyang inumin para sa mga hayop at pwede "*ring*" inumin ng mga tao.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

(02) 8941-8143
noap@da.gov.ph
www.noap.da.gov.ph
/organicagricultureph

